


# Tungkol sa Kalusugan

## Peripheral Neuropathy

### Ano ang peripheral neuropathy?

Ang neuropathy ay isang uri ng pagkapinsala ng mga nerves. Ang peripheral neuropathy ay pinsala sa bahagi ng nervous system na nasa labas ng utak at spinal cord (central nervous system).

### Anu-ano ang mga palatandaan ng peripheral neuropathy?

Ang peripheral neuropathy ay kadalasang umaapekto sa mga nerves sa paa, kamay at kung minsan, sa binti. Kasama sa mga nito ang mga sumusunod: pangingilig at pamamanhid, pakiramdam na tinutusok ng karayom ang kamay at paa, panghihina at matinding pananakit at pang-iinit mga kamay at paa. Kadalasan, magkapantay na naaapektohan ang magkabilang panig ng katawan.

### Anu-ano ang mga sanhi ng peripheral neuropathy?

Ang pagkapinsala ng nerves sa mga taong may HIV/AIDS ay maaring sanhi ng:

- HIV infection mismo o iba pang impeksyong nauugnay dito tulad ng CMV
- Mga gamot sa HIV tulad ng gamot na “d” - ddI (Videx, Videx EC), ddC (Hivid), d4T (stavudine, Zerit, Zerit XR)
- Mga gamot sa impeksyong nauugnay sa HIV gaya ng pentamidine (Pentacarinat) at mga antibiotics lalu na ang mga gamot na ginagamit sa TB o ilang mga gamot sa cancer
- Mga ilang sakit tulad ng diabetes
- Matagalan at sobrang pag-inom ng alak o paggamit ng drugs
- Kakulangan sa Vitamin B6 at B12.

### Paano ginagamot ang peripheral neuropathy?

Kung ang neuropathy ay dahil sa mga gamot, maaring makatutulong ang pagbabawas o pagtigil sa pag-inom nito. Agad na makipagkita sa iyong doktor o nars kung inaakala mong ay mayroon kang peripheral neuropathy. Huwag babawasan ang dosis ng gamot hanggang magkaroon ng pagkakataong makipag-usap sa doktor o nars.

Kung ang neuropathy ay gawa ng HIV infection, maaaring maghatol ang doktor ng gamot para mabawasan ang pananakit. Ilan sa karaniwang gamot sa peripheral neuropathy ang mga sumusunod:

- Elavil (amitriptyline)
- Advil (ibuprofen), Naprosyn o Aspirin
- Dilantin (phenytoin) o Tegretol (carbamazepine)
- Neurontin (Gabapentin)
- Prednisone

- Capsaicin cream
- Sa mga malalang kaso, maaari kang mangailangan ng matapang na pampamanhid tulad ng morphine.

May mga supplementong makatutulong sa paggaling ng peripheral neuropathy tulad ng:

- Regular na iniksyon ng vitamin B12, dalawa o tatlong beses sa isang linggo.
- Pag-inom ng B-complex vitamin capsule araw-araw
- Acetyl-L-carnitine
- Calcium at magnesium
- Evening primrose oil

## Iba pang bagay na makatutulong:

Ang mga sumusunod ay makatutulong para sa paa't kamay ng mayroong peripheral neuropathy:

- Iwasan ang paglalakad ng malayo
- Maluwag na medyas at sapatos ang isuot
- Iwasan ang palagiang pagtayo ng matagal
- Ibabad ang paa't kamay sa may tubig na may yelo, paminsan-minsan
- Habang natutulog, ipatong ang sakong o kamay sa isang maliit na unan o kutson para mabawasan ang pananakit
- May ilang taong may HIV/AIDS ang nagsasabing nakatutulong ang acupuncture o acupressure
- May ilan namang nagsasabing ang pag-iwas sa inumin o pagkaing may caffeine ay nakatutulong. Ang caffeine ay nakukuha sa kape, tsokolate, tsaa at soft drinks.

**Copyright @ACAS 2001 & 2003.** This fact sheet is produced by ACAS (Asian Community AIDS Services) and is available in English, Chinese (Traditional and Simplified), Tagalog and Vietnamese. Funding for this project is provided by the Ontario HIV Treatment Network (OHTN) and Health Canada. Copies can be downloaded at : www.acas.org/treatment. ACAS provides comprehensive support and case management services for Asian people living with HIV/AIDS; and HIV/AIDS prevention education to the east and southeast Asian Canadian populations in the Greater Toronto Area. ACAS is located at 33 Isabella Street, Suite 107, Toronto, Ontario M4Y 2P7. Tel: (416)-963-4300, Fax: (416)-963-4371 Email: support@acas.org

**Legal Disclaimer:** While we make every attempt to ensure the accuracy and reliability of information contained in this website/ fact sheet, the information provided here are designed for reference purposes only. These information should not be relied upon as a substitute for medical advice from a qualified professional health care provider and should not be used for diagnosing or treating a condition or illness. Please consult a physician if you have any concerns about your health, treatment regimen and questions related to HIV/AIDS. ACAS, its employees and board members will not be responsible for any loss or harm, however arising, from the use of, or reliance on this information.